Edad 6-8

# Bibliang Pambata na isinalarawan

## Aklat ng Gawain

Lumang tipan 1



KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr
Selah
Ministerio de Publicación Cristiano

# Bibliang Pambata na isinalarawan

## Aklat ng Gawain **Lumang tipan 1**

**Edad 6-8**

**Pagbabago** kidsworship Selah

**Pagsasalin** | Danica, Frijida, Jessabel, Joyfull Batia Church **graphic na disenyo** | Jeewon Park, Julio Blas **Mga pagsusuri** | Kristine

Ang aklat na ito ay hindi maaaring kopyahin nang buo o bahagi nang walang pahintulot ng may-akda.


# INDEX


1. Ang Paglilikha ........ 6
2. Adan at Eba ........ 9
3. Cain at Abel ........ 12
4. Ang Arko ni Noa ........ 15
5. Ang tore ng babel ........ 19
6. Abraham ........ 23
7. Sodoma at Gomorra ........ 26
8. Isaac at Rebeka ........ 29
9. Jacob 1(Dalawang magkakapatid na nag-aaway) ........ 32
10. Jacob 2 ( Jacob at Bethel) ........ 36

# Ang progreso ng aking rekord.

Kulayan ang Bibliya pagkatapos kumpletuhin ang bawat kuwento.

I-scan ang QR code at tingnan ang video




## Kuwento 1 : Ang Paglilikha

Talata sa Bibliya
[Genesis 1:1]

"Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa."



Sa simula ang mundo ay madilim at walang laman. Walang anuman.
Tanging ang Diyos lamang ang naroroon. Isang araw, nagsalita ang Diyos
"Magkaroon ng liwanag!" Tinawag niya ang liwanag na "araw" at ang kadiliman ay "gabi".
Sa ikalawang araw, muling nagsalita ang Diyos. "Magkaroon ng langit at tubig!"
At kaya ang langit at tubig ay ginawa at sila ay maganda.
Sa ikatlong araw, tinipon ng Diyos ang tubig sa isang lugar at pinatuyo ang lupa.
At pinatubo ng Diyos ang damo, bulaklak, at puno sa lupa.
Sa ikaapat na araw, sinabi ng Diyos: "Hayaan ang araw, ang buwan, at mga bituin na lumitaw sa langit!"
Sa ikalimang araw, sinabi ng Diyos: "Hayaan ang mga ibon na lumipad sa kalangitan at
ang tubig ay mapuno ng mga buhay na nilalang!"
Sa ikaanim na araw, nilikha ng Diyos ang mga buhay na nilalang sa lupa.
Ang mga hayop na may iba't ibang anyo ay nagpuri sa Diyos.
Sa wakas, nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang sariling larawan.
Ang unang lalaking ito ay si "Adan"
Sa ikapitong araw natapos ng Diyos ang Kanyang gawain at sa araw na iyon ay
nagpahinga ang Diyos. Kaya, tayo rin bilang mga anak ng Diyos,
ay nagpahinga sa ikapitong araw at inilaan ito bilang isang banal
na araw para sa Diyos.



**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Ilang araw nilikha ng Diyos ang mundo?

---

b. Kaninong larawan ginawa ng Diyos ang tao?

---


c. Ano ang pangalan ng unang tao na nilikha ng Diyos?

---

- Basahin at isaulo ang talata sa bibliya. (Genesis 1:1)


**Sa pasimula nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa.**

**Gawain 2.** Ginawa ng Diyos ang lahat! Itugma ang bawat guhit sa araw nito.













Unang Araw

Pangalawang Araw

Pangatlong Araw

Pang-Apat na Araw

Pang-limang Araw

Pang-Anim na Araw